

Internal Use Only:

Date request received: _____

ID type verified: _____

Date provided/mailed: _____

Date of "Notice of Good Cause", if needed: _____

RMS Staff ID#: _____

Supervisor's Name & Star #: _____

Unit Issued (circle one): SVU / CISU

Kahilingan para sa Ulat ng Insidente: Kodigo ng Pamilya § 6228

(Karahasan sa Tahanan, Sekswal na Pag-atake, Pag-stalk, Pangangalakal ng Tao, o Pang-aabuso sa Nakatatanda o Dependent na Nasa Hustong Gulang)

Hilingin sa: San Francisco Police Department
Records Management Section
1245 3rd Street, San Francisco, CA 94158-2102
sfpd.records@sfgov.org

Sa ilalim ng Kodigo ng Pamilya § 6228 ng CA, ang mga ulat ng insidente na hiniling ng isang biktima o ng kanyang kinatawan para sa mga hinihinalang krimen ng karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, pag-stalk, pangangalakal ng tao, at pang-aabuso sa nakatatanda o dependente na nasa hustong gulang ay may karapatang makatanggap ng mga kopya sa loob ng **limang** araw ng trabaho pagkatapos hilingin, maliban kung may magandang dahilan para sa pagkaantala. Kung may magandang dahilan, dapat ibigay ang mga ulat nang hindi lalampas sa **sampung** araw ng trabaho pagkatapos magawa ang kahilingan.

SEKSYON 1

Pangalan ng humihiling: _____ Pangalan ng Biktima (kung iba sa Humihiling): _____

Telepono para sa Pakikipag-ugnayan: _____ Email: _____@_____

Impormasyon ng Biktima: Petsa ng Kapanganakan: Buwan _____ Araw _____ Taon _____

Address: _____ Lungsod, Estado, Zip: _____

ng Ulat ng Pulisya ng S.F. _____

Petsa/Oras ng Pangyayari: _____ Lokasyon ng Pangyayari: _____

Uri ng Insidente (mag-tsek ng isa): Karahasan sa Tahanan Sekswal na Pag-atake Pag-stalk Pangangalakal ng Tao
 Pang-aabuso sa Nakatatanda o Dependent na Nasa Hustong Gulang

Nangangailangan ako ng pinabilis na kopya ng ulat ng insidente para sa isang pagdinig sa hukuman sa loob ng hindi lalampas sa limang araw (kinakailangang magsumite ng patunay ng Abiso ng Nakatataas na Hukuman ng Pagdinig ng Hukuman kasama ang form na ito).

Alinsunod sa Kodigo ng Pamilya § 6228 Ako ang pinangalanang **biktima** at dahil dito ay humihiling ng kopya ng ulat ng insidente (kung may tsek, lumaktaw sa "Seksyon 2" para sa mga kinakailangan sa pagkakakilanlan).

O

Alinsunod sa Kodigo ng Pamilya § 6228 Ako ay isang awtorisadong **kinatawan** at dahil dito ay humihiling ng kopya ng ulat ng insidente.

Ang Biktima ay buhay at ako ay (lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon)

Isang magulang, tagapangalaga, o nasa hustong gulang na anak ng biktima, o nasa hustong gulang na kapatid ng biktima na 12 taong gulang pataas.

Isang abogado para sa biktima. Numero sa Bar ng Estado: _____

Isang tagapagpanatili ng biktima.

Ang Biktima ay namatay at ako ay (lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon)

Ang nabubuhay na asawa.

Isang nabubuhay na anak ng yumao na nasa 18 taong gulang.

- Isang lokal na kapareha gaya ng tinukoy sa subdivision (a) ng Seksyon 297.
- Isang nabubuhay na magulang ng yumao.
- Isang nabubuhay na kamag-anak na nasa hustong gulang.
- Ang personal na kinatawan ng biktima, gaya ng tinukoy sa Seksyon 58 ng Kodigo ng Probate, kung may itinalaga.
- Ang hinirang na tagapangasiwa ng publiko.
- Bilang **kinatawan** hindi pa ako nahatulan ng pagpatay sa unang antas, gaya ng tinukoy sa Seksyon 189 ng Kodigo Penal, ng biktima o sinumang taong kinilala sa face sheet ng ulat ng insidente.
- Hindi ako suspek sa kasong ito.

SEKSYON 2

Kinakailangan ang pagkakakilanlan:

- Anumang kasalukuyang pagkakakilanlan kabilang ang, balidong na lisensya sa pagmamaneho, ID card sa Lungsod ng SF, ID card na ibinigay ng estado, o pasaporte.
- Dapat ding magpakita ang tagapangalaga ng kopya ng kanyang mga liham ng pangangalaga.
- Dapat magpakita ng ID ang abogado para sa biktima at nakasulat na patunay na siya ang abogado para sa biktima.
- Dapat magpakita ng ID ang tagapagpanatili ng biktima at kopya ng kanyang mga liham ng pagiging tagapagpanatili.
- Dapat magpakita ng ID at nakasulat na awtorisasyon na nilagdaan ng biktima ang personal na kinatawan (magulang, tagapangalaga, nasa hustong gulang na anak o kapatid na nasa hustong gulang) ng biktima, kung buhay ang biktima at hindi sumasailalim sa pagpapanatili.
- Dapat magpakita ang kinatawan ng biktima na **namatay**, ng sertipikadong kopya ng sertipikasyon ng kamatayan o iba pang hustong ebidensya ng pagkamatay ng biktima sa oras na ginawa ang kahilingan.
- Kung hindi makapagbigay ng ID na may sariling larawan ang biktima sa oras ng kahilingan, ang Departamento, sa sarili nitong pagpapasya, ay maaaring magbigay sa biktima ng kopya ng ulat ng insidente kung makapagbigay sila ng iba pang hustong ebidensya ng kanilang pagkakakilanlan.

SEKSYON 3

Mangyaring isaad kung paano mo gustong matanggap ang hiniling na ulat ng insidente. Kung isinumite mo ang iyong kahilingan nang personal, mayroon kang opsyon na matanggap ang ulat ng insidente sa pamamagitan ng Email o U.S. Mail. Kung isinumite mo ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng Email o U.S. Mail, kailangan mong kunin nang personal ang ulat ng insidente para maberipika ng SFPD ang iyong pagkakakilanlan. Maglaan ng 5 araw ng trabaho mula sa petsa ng iyong kahilingan para sa pagproseso:

U.S. Mail

Email: _____

Kunin mula sa 1245 3rd Street, 1st Floor, San Francisco, CA 94158, Lunes-Biyernes (8:00am – 5:00pm), sarado tuwing Sabado't Linggo at holiday. Mangyaring tumawag sa 415-575-7232 para kumpirmahing handa na para kunin ang iyong ulat.

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag alinsunod sa mga batas ng Estado ng California na ang nakasaad ay totoo at tama:

Lagda

Petsa

Kung sakaling wala kang numero ng kaso, o hindi ka sigurado kung isa kang awtorisadong kinatawan para sa kahilingang ito, o nasa labas ka ng San Francisco at hindi makapagsumite o makuha ito nang personal, mangyaring makipag-ugnayan sa Yunit ng Mga Serbisyo sa Impormasyon ng Krimen (Crime Information Services Unit, CISU) sa 415-575-7232 para sa karagdagang tulong.